Programa sa Reklamo ng Bayarin sa Ospital (Hospital Bill Complaint Program)

Kung ikaw ay walang insurance (sariling nagbabayad) o kulang sa insurance (may mataas na gastos sa medikal) **AT** ang kita ng iyong pamilya ay nasa o mas mababa sa 400 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan, maaari kang makakuha ng tulong pinansyal para sa iyong bayarin sa ospital. (**Tandaan**: Nag-aalok ang ilang mga ospital ng mga diskwento sa mga pasyenteng may mas mataas na kita.)

Ang Programa sa Reklamo ng Bayarin sa Ospital (Hospital Bill Complaint Program) ay nag-iimbestiga sa mga reklamo ng pasyente tungkol sa mga programa sa tulong pinansyal ng ospital at mga aksyon sa pangongolekta ng utang na may kaugnayan sa mga programang iyon.

Maaari kang magsampa ng reklamo kung:

- Nag-aplay ka para sa tulong pinansyal ngunit tinanggihan.
- Hindi ka kailanman sinabihan tungkol sa programa ng tulong pinansyal.
- Ipinadala ka sa mga koleksyon ngunit kailangan ng tulong pinansyal.

Anong mga ospital ang kasama?

Mga ospital na lisensyado ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California, maliban sa mga ospital na pinapatakbo ng Departamento ng mga Ospital ng Estado, Departamento ng Mga Serbisyo sa Pag-unlad ng Estado, o Kagawaran ng Pagwawasto at Rehabilitasyon.

Anong mga isyu ang hindi saklaw?

Hindi makakatulong ang Programa sa Reklamo ng Bayarin sa Ospital (Hospital Bill Complaint Program) sa:

- Mga pangkalahatang hindi pagkakaunawaan sa pagsingil (ibig sabihin, mga maling serbisyong sinisingil, maling account, atbp.).
- Mga pagtatantya ng presyo o mga quote.
- Mga pagkakaiba sa presyo sa pagitan ng mga ospital.
- Mga isyu sa pagbabayad sa planong pangkalusugan at pagbabahagi sa gastos.
- Pagsingil ng isang doktor o tagapagbigay ng serbisyo sa emergency room (maliban sa mga singil sa pasilidad).
- Mga isyu tungkol sa kalidad ng pangangalagang natanggap.

Paano ako magsasampa ng isang reklamo?



Sa online: Maaaring magsampa ng mga reklamo online sa Ingles at Espanyol sa hcai.ca.gov/HospitalBillHelp.



Sa Pamamagitan ng Koreo: Ang Patient Complaint Form ay makukuha online sa hcai.ca.gov/HospitalBillHelp sa 20 na iba't ibang wika. Maaari itong i-print at ipadala sa: Department of Health Care Access and Information, Hospital Bill Complaint Program, 2020 West El Camino Avenue, Suite 1101, Sacramento, CA 95833.

Saan pa ako makakakuha ng tulong?

- Ang Health Consumer Alliance ay isang libreng organisasyong nagtataguyod ng konsumer na makakatulong sa iyong maunawaan ang proseso ng pagsingil at pagbabayad sa ospital at makakatulong sa iyong mag-aplay para sa tulong pinansyal o maghain ng reklamo. Tawagan ang Health Consumer Alliance sa 888-804-3536 o pumunta sa healthconsumer.org para sa karagdagang impormasyon.

Maaari kang maging karapat-dapat para sa saklaw ng Medi-Cal. Mahahanap mo ang opisina ng Medi-Cal ng iyong county sa https://www.dhcs.ca.gov/Medi-Cal/Pages/county-office.aspx o tumawag sa Helpline ng Medi-Cal sa 800-541-5555 para sa higit pang impormasyon.